# LEARNING ACTIVITY SHEETS
# Baitang 10 – EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

Pangalan: ______________________ Petsa: ___________ Marka:___________

## LAS#3 - PAGMAMAHAL SA BAYAN

**PANUTO:** Lagyan ng tsek (/) ang mga sitwasyong nagpapamalas ng wastong pagmamahal sa bayan at ekis (X) naman kung hindi.

_________ 1. Hindi pumasok sa kanilang klase si Armando upang makibahagi sa isinasagawang kilos-protesta laban sa pagpapapasok ng mga produktong dayuhan sa bansa.

_________ 2. Ipinamimigay ni Mang Celso ang mga nakumpisang ilegal na produkto sa kaniyang mga kababayang lubos na nangangailangan.

_________ 3. Isinawalat ni Mang Mando ang kaniyang nalalaman upang malutas ang kaso ng ilegal na pagmimina sa kanilang lalawigan.

_________ 4. Bilang kapitan ng Barangay Rosal, hindi tinanggap ni Ramon ang suhol na ibinibigay sa kaniya ng isang kilalang kumpanya kapalit ng pagtatayo nito ng pasagulan sa kaniyang nasasakupan.

_________ 5. Nagtungo si Austin sa tanggapan ng *Commission on Elections* upang magparehistro para magamit ang karapatang makaboto.

_________ 6. Pansamantalang pinatuloy ni Aling Auring ang kaniyang mga kapitbahay na nawalan ng tirahan dahil sa pananalasa ng nagdaang bagyo.

_________ 7. Sa kabila ng kanyang pagmamadali sa pagpasok sa opisina ay pinili pa rin ni Layla na huminto at sumabay sa pag-awit ng Lupang Hinirang nang mapadaan siya sa paaralan sa kanilang barangay.

_________ 8. Nag*post* si Nygel sa kaniyang *social media account* ng panawagang ipagbawal ang pagpasok ng mga Kastila sa ating bansa matapos niyang matuklasan ang pagmamalabis ng mga ito noong panahon ng kanilang pananakop sa Pilipinas.

_________ 9. Dahil sa matinding pagkadismaya ni Roel sa kanilang kapitan, isinulat niya sa pader ng kanilang *barangay hall* ang lahat ng katiwaliang ginawa nito.

_________10. Tinulungan ni Alfie ang matanda na tumawid sa kalsada sa kabila na may nakalagay na karatulang "*Bawal Tumawid Dito".*



**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

**LEARNING ACTIVITY SHEETS**
**Baitang 10 – EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO**

**PANUTO:** Punan ang talahanayan ng mga hinihinging kasagutan.

| **Mga Gawaing Nagpapakita ng Pagmamahal sa Bayan** | |
|---|---|
| *Mga Gawain* | *Maikling Paliwanag* |
| Halimbawa:<br>- Pagtutulungan sa oras ng pangangailangan | - Nakatutulong ito upang ang bigat ng suliranin ay mabawasan at makatulong sa pamahalaan. |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

| **Mga Gawaing Hindi Nagpapakita ng Pagmamahal sa Byan** | |
|---|---|
| *Mga Gawain* | *Maikling Paliwanag* |
| Halimbawa<br>- Bandalismo | - Nakasisira sa pisikal na imahe ng pampublikong gusali |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

**Ikatlong Markahan Linggo:** 5-6
**Target na Kasanayan:** Nakapagpapaliwanag ng kahalagahan ng pagmamahal sa bayan.
**Tala ng Guro:**

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

**PANUTO:** Tukuyin ang mga salitang binibigyang kahulugan sa bawat bilang at isulat ang titik ng tamang sagot sa kaukulang patlang.

| | |
|---|---|
| A. Bandalismo | G. *Filipino Hospitality* |
| B. Batas | H. Kabutihang Panlahat |
| C. Bayani | I . Karapatan |
| D. Bayanihan | J . Pambansang sagisag |
| E. *Colonial Mentality* | K. Pater |
| F. *Crab Mentality* | L. Patriyotismo |

____________1. Pagpapamalas ng walang pag-iimbot na paggalang at pagmamahal sa bayang sinilangan

____________2. Salitang pinanggalingan ng patriyotismo na nangangahulugang "*pinagmulan*"

____________3. Katangiang Pilipino na naipamamalas sa pamamagitan boluntaryong pagtulong sa kapwa sa oras ng pangangailangan

____________4. Panuntunang ipinatutupad upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan

____________5. Mga taong nagbuwis ng buhay dahil sa pagmamahal sa bayan

____________6. Pagsusulat o paninira sa mga pampublikong gusali at ari-arian

____________7. Pagkilos na isinasaalang-alang hindi lamang ang kapakinabangang pansarili kundi maging ang kapakinabangan ng higit na nakararami

____________8. Simbolong kumakatawan sa mga Pilipino at sa natatanging kultura nito.

____________9. Labis na pagtangkilik sa mga produkto at kulturang banyaga

____________10. Pagiging magiliw sa pagtanggap ng mga panauhin


**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

# LEARNING ACTIVITY SHEETS
# Baitang 10 – EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

**PANUTO:** Basahin at unawain ang mga pahayag. Ipaliwanag ang iyong sagot nang hindi hihigit sa 3 pangungusap.

1. Napakinggan mo sa balita na may naghain ng panukalang tanggalin na ang pagtuturo ng kasaysayan ng ating bansa sa mga paaralan sapagkat hindi na raw makatutulong sa atin ang pag-aaral ng nakalipas na pangyayari at maging ng buhay ng mga namayapa ng bayaning Pilipino. Sumasang-ayon ka ba sa panukalang ito? Pangatwiranan ang iyong kasagutan.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Ang iyong tiyuhin ay nasa ikatlong termino na ng pagiging konsehal ng inyong lungsod kaya't siya ay nagnanais nang tumakbo sa mas mataas na posisyon bilang bise-alkalde. Batid niyang mangangailangan siya ng malaking halaga na gagamitin sa pangangampanya, nakatanggap siya ng alok na malaking tulong mula sa isang mayamang negosyante kapalit ng ilegal na pagmimina sa inyong lugar. Kung ikaw ang nasa katayuan ng iyong tiyuhin, ano ang iyong gagawain? Bakit?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Sinabihan ng matalik mong kaibigan ang iyong kamag-aral na tila siya ay banyaga o dayuhan na sa ating bayan dahil sa labis nitong pagkahumaling sa musika at paraan ng pananamit ng iniidolong banyaga. Sumasang-ayon ka ba sa sinabi ng iyong kaibigan? Ano ang iyong gagawin sa sitwasyong ito?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

4. Ipaliwanag ang katagang: "Nakaugat ang pagkakakilanlan ng tao sa pagmamahal sa bayan".

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

5. Sa paanong paraan mo maipamamalas ang iyong pagmamahal sa ating bayan?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________



**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**